Pagkamit ng Diploma: Mga Pangangailangan sa Pagtatapos ng Pag-aaral sa Estado

Ang mga pangangailangan sa pagtatapos ng pag-aaral sa ating estado ay dinibuho upang matiyak na ang mga estudyante ay mayroong matatag na pundasyon sa mga kakayahan sa pagbasa, pagsulat, matematika at kahusayan sa agham, ano mang daan na kanilang pipiliin pagkatapos ng mataas na paaralan. Hinihikayat namin ang mga pamilya at mga estudyante na makipagkita nang regular sa kanilang mga tagapayo (counselors) sa eskuwelahan upang matiyak na sila ay nasa landas para sa pagtatapos ng pag-aaral.

Upang maging kuwalipikado na magtapos sa Washington, ang mga estudyante sa mataas na paaralan ay kailangang: pumasa sa partikular na mga pagsusulit sa estado, makamit ang lahat ng kinailangang pang-estado at panlokal na mga kredito, at matagumpay na makompleto ang mataas na paaralan at higit pang plano at ang pansukdulang proyekto. Ang mga pangangailangan sa pagtatasa ay gaya ng sumusunod:

- **Hanggang sa klase ng 2012:** Dapat ang mga estudyante na ipasa ang eksamen ng estado sa **pagbasa** at **pagsulat**, ang aprubado ng estado na alternatibo o ang isang pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. Magagampanan ng mga estudyante ang pang-estadong pangangailangan sa **matematika** sa pamamagitan ng pagpasa sa pang-mataas na paaralang eksamen sa matematika **O** sa pamamagitan ng pagkamit ng dalawang kredito sa matematika pagkatapos ng ika-10 na grado.

- **Mga Klase ng 2013 at 2014:** Dapat ang mga estudyante na ipasa ang eksamen ng estado sa **pagbasa** at **pagsulat** at isang sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na iksamen sa **matematika**, aprubado ng estado na mga alternatibo o ang mga pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon.

- **Mga Klase ng 2015 at lampas pa:** Dapat ang mga estudyante na ipasa ang eksamen pang-estado sa **pagbasa** at **pagsulat** at mga sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na mga eksamen sa **algebra 1**, **geometry** at **biology** aprubado ng estado na mga alternatibo o ang mga pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon.

Para sa dagdag pang impormasyon, tingnan ang tsart sa ibaba, makipag-usap sa iyong tagapayo o bisitahin ang: www.k12.wa.us/GraduationRequirements.

NOTA: Malalaman ang klase ng magtatapos sa unang pagpasok ng estudyante sa ikasiyam na grado

Hanggang sa Klase ng 2012	Mga Klase ng 2013 at 2014	Mga Klase ng 2015 at Lampas Pa
PAGBASA AT PAGSULAT Pumasa sa pagbasa at pagsulat ng HS WASL/HSPE o mga pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*	PAGBASA AT PAGSULAT Pumasa sa pagbasa at pagsulat ng HSPE o mga pagtatasa sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*	PAGBASA AT PAGSULAT Pumasa sa pagbasa at pagsulat ng HSPE o mga pagtatasa sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*
MATEMATIKA Ipasa ang matematika na mataas na paaralan WASL/HSPE, isang dulo-ng-kurso (end-of-course) na eksamen o pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.* — O — Magkamit ng dalawang kredito sa matematika (o katumbas ng karera at kursong teknikal) pagkatapos ng ika-10 grado.*	MATEMATIKA Ipasa ang isang matematika na sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na iksamen (algebra 1 o geometry) o pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*	MATEMATIKA Pumasa sa dalawang eksamin sa matematika sa dulo ng kurso o mga pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*
	AGHAM Hindi na kinakailangan para sa mga estudyante sa nitong dalawang mga klase na magtatapos ng pag-aaral (batay sa napirmahan at naging batas Hunyo 7, 2011)	AGHAM Ipasa ang biology na isang dulo-ng-kurso (end-of-course) na eksamen o pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. — O — Ipasa ang aprubado ng estado na alternatibo.*
IBA PANG MGA REKISITO Tuparin ang lahat ng iba pang mga rekisito sa pagtatapos sa estado at paaralang pampurok: Pansukdulang Proyekto, Mataas na Paaralan at Plano na Lampas Pa at mga rekisito sa kredito na panlokal.	IBA PANG MGA REKISITO Tuparin ang lahat ng iba pang mga rekisito sa pagtatapos sa estado at paaralang pampurok: Pansukdulang Proyekto, Mataas na Paaralan at Plano na Lampas Pa at mga rekisito sa kredito na panlokal.	IBA PANG MGA REKISITO Tuparin ang lahat ng iba pang mga rekisito sa pagtatapos sa estado at paaralang pampurok: Pansukdulang Proyekto, Mataas na Paaralan at Plano na Lampas Pa at mga rekisito sa kredito na panlokal.

*Ang mga estudyante ay dapat na kunin ang bawat mataas na paaralan na eksamen sa estado kahit man lang minsan bago gagamit ng aprubado ng estado na alternatibo. Ibang mga patakaran ay naiiral para sa Pagkolekta ng Ebidensiya (Collection of Evidence).

Naisapanahon Hulyo 2011

Mga Rekisito ng Pagtatapos at Pagsusulit na Pang-estado

Mataas na Paaralan na mga eksameng pang-estado

- Sa spring (tagsibol) ng 2011, dalawang sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na mga eksamen sa algebra 1 at geometry ay pumalit sa matematika HSPE.
- Sa umpisa ng spring (tagsibol) ng 2012, ang sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na eksamen sa biology ay papalitan ang agham HSPE.
- Ang mga estudyante ay mayroong limang napondohan ng estado na mga oportunidad habang sa mataas na paaralan na kumuha ng pang-estado na iksamen sa bawat nilalamang paksa.
- Papasa ang mga estudynte na may Antas 3 o 4 na iskor.
- Pagsasagawa ng pag-apela sa iskor: Ang mga magulang/tagapag-alaga (katiwala), pagkatapos na suriin ang pagsusulit sa mataas na paaralan ng kanilang estudyante ay maaring magsalansan ng apela ukol sa iskor.
- Upang malaman ang higit tungkol sa mga pagsusulit na pang-estado, mangyaring bumisita sa: http://www.WAtesting.com.

Certificate of Academic Achievement and Certificate of Individual Achievement (Sertipiko sa Pagsakatuparang Pang-akademya at Sertipiko sa Pagsakatuparang Indibiduwal)

- **Certificate of Academic Achievement (Sertipiko sa Pagsakatuparang Pang-akademya):** Isang kailangan sa pagtatapos ng pag-aaral umpisa sa klase ng 2013.
- **Certificate of Individual Achievement (Sertipiko sa Pagsakatuparang Indibiduwal):** Para lang sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon. Isang pangangailangan para sa pagtatapos simula sa klase ng **2013**. Makakamit ito ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagpasa sa HSPE-Basic, WAAS-Portfolio, WAAS-DAPE o Locally Determined Assessment sa pagbasa, pagsulat, matematika at agham.
- Ang mga estudyante hanggang sa klase ng **2012** na papasa sa pagbasa, pagsulat at matematika WASL/HSPE/WAAS na mga iksamen ay magtatamo ng Certificate of Academic Achievement (CAA) o Certificate of Individual Achievement (CIA). **Ang mga klase ng 2013 at 2014**: Dapat na ipasa ang pagbasa, pagsulat at matematika. **Klase ng 2015 at lampas pa**: Dapat na ipasa ang pagbasa, pagsulat, matematika at agham.
- Ang mga estudyante hanggang sa klase ng **2012** na magkakamit ng dalawang kredito sa matematika pagkatapos ng ika-10 grado, NGUNIT hindi papasa sa iksamen ng estado sa matematika o naaprobahan ng estado na alternatibo, ay kuwalipikado pa rin na magkamit ng diploma ngunit hindi sila magkakamit ng sertipiko.

Mga alternatibong aprubado ng estado

- Ang mga estudyante na mayroong mga kahusayan ngunit hindi nagagawang ipakita ang mga ito sa mga eksaming pang-estado ay maaaring gumamit ng mga alternatibong aprubado ng estado.
- Maaring magamit ng mga estudyante ang mga pagpipili sa CAA pagkatapos na makuha ang pang-estadong mga eksamen sa bawat asignatura kahit man lang minsan. Dapat na kumuha ang mga estudyante ng pang-estadong eksamen kahit man lamang dalawang beses bago magagamit ang Collection of Evidence (Pagkolekta ng Ebidensiya)
- Ang mga Certificate of Academic Achievement Options ay:
  - Pagkolekta ng Ebidensiya (Collection of Evidence) – Ang mga estudyante ay nag-ipon ng set ng mga sampol ng gawain sa silid-aralan sa tulong ng (mga) guro. Ang pangongolekta ng mga estudyante sa mga programa ng Karera at Teknikal na Edukasyon ay maaaring kabibilangan ng gawain mula sa kanilang programa. Ang estado ay nagbibigay ng puntos sa pangongolekta dalawang beses isang taon. Dapat na kumuha ng eksamin pang- estado ang mga estudyante dalawang beses sa bawat asignatura bago tatangkain ang pangongolekta.
  - Ang Pag-alis sa Bayad (Fee Waivers) ay mapapakinabangan ng mga kuwalipikadong estudyante upang kumuha ng aprubadong SAT, ACT at AP na mga eksamen.
  - SAT o ACT – Maaring gamitin ng mga estudyante ang kanilang mga iskor sa matematika, pagbasa o Ingles at pagsulat sa mga iskor ukol sa kahandaan sa kolehiyo. Ang minimum na mga iskor ay: **Pagbasa** – SAT: 350 ACT: 13. **Pagsulat** – SAT: 380 ACT: 15. **Matematika** – SAT: 470 ACT: 19.
  - Advanced Placement (AP) – Ang mga estudyante ay maaaring gumamit sa iskor ng tatlo o mas mataas sa piling mga eksamin sa AP: **Matematika** (calculus o statistics), **Pagsulat** (Wikang Ingles at komposisyon); at **Pagbasa** (Panitikang Ingles at komposisyon, macroeconomics, microeconomics, psychology, kasaysayan ng Estados Unidos, kasaysayan ng mundo, pamahalaan at politika ng Estados Unidos, o paghahambing ng pamahalaan at politika)
  - Paghahambing ng GPA – Para sa mga estudyante sa ika-12 grado lang. Ang mga marka ng estudyante sa mga kurso ng matematika at/o Ingles ay inihahambing sa mga marka ng mga estudyanteng kumuha ng katulad na mga kurso at pumasa sa WASL/HSPE ng mataas na paaralan. Upang maakses ang opsiyong ito, kailangang magkakamit ang estudyante ng kabuuang kumulatibong Grade Point Average (GPA) ng di-bababa sa 3.2 sa isang 4.0 na sukatan ng marka (grading scale).
- Upang malaman ang higit tungkol sa mga alternatibong aprubado ng estado, mangyaring bumisita sa: http://www.k12.wa.us/assessment/CAAoptions.

Mga pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon

- Ang mga estudyante sa espesyal na edukasyon ay maaaring kumuha ng mga eksaming pang-estado sa mataas na paaralan na mayroon o walang mga akomodasyon.
- Makukuha rin ang sumusunod na mga opsiyon:
  - HSPE-Basic – Kukunin ng mga estudyante ang WASL/HSPE ng mataas na paaralan– na meron o walang mga akomodasyon – ngunit ini-a-adjust ng mga grupo ng IEP ang pamantayan sa pagpasa mula sa Mahusay (Antas 3) hanggang sa Batayan o Basic (Antas 2).
  - Washington Alternate Assessment System Portfolio (WAAS Portfolio) – Ang mga estudyante na hindi makakuha ng mga pagsusulit sa papel at lapis ay magpapamalas ng kanilang mga kahusayan at kaalaman sa pamamagitan ng koleksiyon ng kanilang nga trabaho.
  - Developmentally Appropriate Proficiency Exam (WAAS-DAPE) – Ang mga estudyante sa ika-11 at ika-12 grado ay kukuha lang ng WASL/HSPE – meron o walang mga akomodasyon – sa antas ng grado na tumutugma sa kanilang mga kakayahan. Papasa ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagkamit ng Antas 3 sa bawat pagsusulit na kinuha.
  - Locally Determined Assessments – Para sa ika-12 grado na mga estudyante na kailangan ang binagong mga pamantayan sa tagumpay.
  - Awareness Level Waiver – Makukuha ng mga estudyante na nasuri na gumaganap sa antas ng “kamalayan” (awareness).
- Upang malaman ang higit tungkol sa pagtatasa sa espesyal na edukasyon, mangyaring bumisita sa: http://www.k12.wa.us/assessment/altassess.aspx.